OKTUBRE 2023, ISYU 8

Alta California
Regional Center

## Ang Newsletter sa Pag-update sa Kliyente, Tagapagkaloob ng Serbisyo, at Tauhan Kada Quarter



Higit pang impormasyon tungkol sa aming **tampok na alagad ng sining na si Stephanie Dardon** pahina 10

# MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR

*Ehekutibong Direktor Lori Banales*

Maligayang Taglagas! Sa nagbabagong panahon, maraming kailangang ipagdiwang habang tinatanggap natin ng lahat ng oportunidad na hatid ng susunod na quarter na ito para sa komunidad ng ating regional center. Sa nakaraang ilang edisyon ng newsletter na ito, itinampok namin ang isa sa apat na Focus Area na kasama sa Istratehikong Plano ng aming ahensya. Sa edisyong ito, ibabaling namin ang aming atensyon sa Pagsuporta sa Kliyente at Pamilya. Isinasama sa focus area na ito ang mga pangangailangan at kagustuhan ng mga kliyente at pamilya para makatanggap ng mga serbisyo at suporta sa mga paraang pinakagumagana para sa kanila. Sa pamamagitan ng isang beses na pagpopondo, nagawang tugunan ng aming regional center ang mga pangangailangan sa pag-access sa wika, hindi tradisyonal na restriksyon sa oras ng serbisyo at mga insentibo sa heograpiya upang madagdagan ang mga oportunidad para sa nakararami sa ating mga pamilya sa Early Start na nakaranas ng mga hadlang sa serbisyo. Patuloy kaming nakikinig sa aming mga komunidad upang matutunan kung saan itutuon ang aming mga pagsusumikap at inisyatiba. Bukod dito, nananatili kaming nakikibahagi sa pagtataguyod ng DSP Collaborative sa pagitan ng Valley Mountain Regional Center (VMRC) at Alta California Regional Center (ACRC). Nakatuon ang kolaborasyong ito sa muling pagbuo ng mga manggagawa ng Direct Support Professionals (Mga DSP).

Ipinagpapatuloy sa pahina 2

### ANO ANG NASA ISYU NA ITO:


- MENSAHE MULA SA ED
- LINGGO NG PAGKILALA SA DSP
- MGA PROFILE NG DSP
- PROFILE NG TAUHAN
- KAARAWAN NG KLIYENTE
- SINUSUPORTAHANG PAGGAWA NG DESISYON
- VENDOR JOB FAIR NG SIERRA COLLEGE
- PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD
- ANG SUPPORTED LIFE CONFERENCE
- MGA UPDATE SA MGA SERBISYO NG KOMUNIDAD
- TAMPOK NA ALAGAD NG SINING


# MENSAHE NG EHEKUTIBONG DIREKTOR – IPINAGPAPATULOY

*Ehekutibong Direktor - Lori Banales*

Upang makapagbigay ng accessible at makukuhang mapagkukunan sa ating mga kliyente at kanilang mga pamilya, kailangang nagkakaisa ang mga manggagawa. Patuloy kaming nakatuon na gawin ang lahat ng aming makakaya upang suportahan ang aming mga provider upang masuportahan ka nila! Lubos na nasisiyahan ang ACRC na makitang kinikilala ng Gobernador ang gawain at dedikasyon ng mga ipinagmamalaki at propesyonal na sumusuporta sa mga indibidwal na may mga Kapansanang Intelektwal at sa Pag-unlad. Maraming tao ang itatampok at ipagdiriwang at sa inyong pagbabasa, umaasa kaming masisiyahan kayong basahin ang tungkol sa ilan sa kanila. Kumakatawan sila sa lahat ng mabuti sa sistema ng aming serbisyo. Alam natin na ang muling pagbuo ng mga manggagawa ay hindi agad-agad na mangyayari. Hindi makitid ang aming pananaw ng aming mga pagsusumikap. Bumubuo kami ng mga istratehiya na susuporta sa amin nang pangmatagalan. Kinikilala namin na maraming kliyente ang hindi pa bumabalik sa mga antas ng serbisyo bago ang pandemya at salamat sa iyong pagtitiyaga at pag-unawa habang muli naming pinag-iisipan ang sistema ng aming serbisyo. Malaking bahagi ng puzzle na ito ang transportasyon. Mula Oktubre 1, lumipat kami sa isang broker ng transportasyon na R & D Transportation, para tulungan ang ACRC na masulit ang mga ruta ng transportasyon at kahusayan na kabibilangan ng pagdadagdag ng kapasidad.

Ipinagdiriwang din ng ACRC ang Hispanic Heritage month. Nasa komunidad kami at nakikibahagi sa mga kapistahan at mga oportunidad ng pakikipag-ugnayan. Ngayong buwan, ikinalulugod ng ACRC na suportahan at itaguyod ang Conferencia 2023, Aprendiendo Juntos sa Oktubre 28 sa the UC Davis MIND Institute. Ang mga pamilyang interesado sa pagdalo sa kumperensya sa wikang Espanyol, ay kailangang makipag-ugnayan sa kanilang service coordinator kung gusto nilang humiling ng pagpopondo ng regional center ng kanilang pagpaparehistro. Marami pang aktibidad na pangkomunidad ang naka-iskedyul at ipinagmamalaki naming magkaroon ng kalendarong nakapaskil sa aming website para itampok ang mga kaganapang ito. Salamat sa iyong pakikipagtulungan. Mas mabuti tayong magkasama at gustung-gusto nang maglingkod.

## FOCUS AREA NG ISTRATEHIKONG PLANO
## MGA SUPORTA SA KLIYENTE AT PAMILYA





**Depinisyon ng focus area:**
Tutuklasin ng regional center ang mas malaking pleksibilidad at mga serbisyo at suportang higit pang nakasentro sa pamilya nang sa gayon ang mga indibidwal na may mga kapansanang intelektwal/sa pag-unlad ay matuloy na manirahan sa tahanan at masuportahan sa mga paraang makabuluhan para sa kanila.

**Opinyon ng komunidad:**

- Kailangan ng mga pamilyang matukoy ang mga mapagkukunan ng komunidad.
- Nais ng mga pamilyang makahanap ng mga taong susuporta sa kanila na pagkakatiwalaan nila at nauunawaan ang kanilang wika at kultura.
- May lumalaking pangangailangan para makakuha at magpanatili ng mga manggagawang direktang susuporta na kumakatawan sa iba't ibang kultura at wika.
- Naghahanap ang mga pamilya ng mas malaking pleksibilidad para idisenyo ang suporta na mainam para sa kanilang pamilya.

# LINGGO NG PROPESYONAL NA NAGBIBIGAY NG DIREKTANG SUPORTA



OFFICE OF THE GOVERNOR

September 10-16, 2023

***Direct Support Professional Recognition Week***

This Direct Support Professional Recognition Week, California honors the many Direct Support Professionals providing essential caregiving services to Californians with intellectual and developmental disabilities. California is the only state that promises individuals with disabilities the services and supports they need to participate in their communities, coordinated by Regional Centers and fulfilled by service provider organizations. Direct Support Professionals deliver on this promise to more than 400,000 Californians with intellectual and developmental disabilities and their families every day.

Every Californian with disabilities deserves to be included as a valued member of the community. Working toward that reality is the fundamental role of a Direct Support Professional – which extends far beyond caregiving. Direct Support Professionals build close, respectful, and trusting relationships, becoming integral in the day-to-day lives of the people and families they serve. Whether it is working at a job, finding transportation, or accessing community life, Direct Support Professionals provide consistent support for Californians with disabilities to meet their goals and become more independent.

Direct Support Professionals are at the heart of disability services, and the Newsom Administration has advanced investments in recent years to support this foundational workforce. This includes $127.8 million for training and development stipends, $22.5 million to fund paid internships in the field, and $11.9 million to establish a competency-based training and certification program to foster a more sustainable and professional workforce. With women and people of color at the forefront, the direct support workforce reflects the diversity of our state, making it possible to meet the unique needs of Californians with disabilities and their families in every community. Direct Support Professionals are creating a safer, more accessible California for all through their work.

As California celebrates Direct Support Professionals and their invaluable contributions to our state, we renew our commitment to strengthening the Direct Support Professional workforce and all direct caregiving jobs serving people of all ages and abilities in California.

Sincerely,

Gavin Newsom

GOVERNOR GAVIN NEWSOM • STATE CAPITOL • SACRAMENTO, CALIFORNIA 95814 • (916) 445-2841

Setyembre 10-16, 2023 ang naging Linggo ng Pagkilala sa Propesyonal na Nagbibigay ng Direktang Suporta. Nagdiwang ang ACRC sa pamamagitan ng pagbabahagi ng mga kuwento at larawan ng mahuhusay na Propesyonal na Nagbibigay ng Direktang Suporta mula sa aming mga lokal na tagapagkaloob ng serbisyo. Sinabi ni Gobernador Newson na, "Nasa gitna ng mga serbisyo sa kapansanan ang mga Propesyonal na Nagbibigay ng Direktang Suporta" at lubos na sumasang-ayon ang ACRC. Nagpatuloy siya sa pagtalakay ng mga paraan kung saan nag-i-invest ang Department of Developmental Services sa mga manggagawa ng mga serbisyo sa kapansanan.

## MGA INISYATIBA SA MGA MANGGAGAWA NG DEPARTMENT OF DEVELOPMENTAL SERVICES

Matatagpuan ang DDS Workforce Initiatives (Mga Inisyatiba sa mga Manggagawa ng DDS) sa https://www.dds.ca.gov/initiatives/workforce-initiatives/

DDS Department of Developmental Services

- Ang programang **Regional Center Employee Tuition Reimbursement** ay nagsasauli ng ibinayad na matrikula para sa mga karapat-dapat na empleyado ng regional center at inilalayon upang mapahusay ang mga serbisyo ng regional center na natatanggap ng mga konsumidor sa pamamagitan ng pagpapaigting ng kadalubhasaan sa paksa at mga opsyon sa pagsulong ng karera at pagpapabuti ng mga antas ng pagpapanatili ng empleyado sa mga regional center.

- Ang programang **DSP Training Stipend** ay nagbibigay ng mga pantustos sa pagsasanay sa mga DSP na makakukumpleto sa mga kurso ng pagsasanay at pag-unlad.

- Ang **Bi-/Multi-Lingual Pay Differential** ay nagbibigay ng dagdag na bayad sa mga DSP na regular na nakikipag-usap sa mga indibidwal at pamilya sa wika o pamamaraang bukod sa Ingles.


- Ang programang **DSP Internship** ay nagbibigay ng internship ng hanggang tatlong buwan at sinasamahan ng ayon sa pamantayan na pagsasanay at karanasan sa praktikal na gawain para sa mga bagong pasok na manggagawang nagbibigay ng direktang pangangalaga na mga DSP.

- Ang programang **DSP University** ay isang programa ng pagsasanay at sertipikasyon na may tatlong yugto at nakabatay sa kakayahan para sa mga DSP at idinisenyo upang mapahusay ang propesyonal na pagsasanay ng mga DSP. Ang matagumpay na pagkumpleto ng bawat hakbang ay nakaugnay sa mga dagdag sa sahod.

- Tutuklasin sa programang **Technology Pilot** ang paggamit ng teknolohiya, kapag pinili at ligtas, upang tulungan ang mga indibidwal na may mga kapansanang intelektwal at sa pag-unlad (I/DD). Susukatin ng DDS kung paano binabawasan ng paggamit ng teknolohiya ang pagdepende sa mga sa-personal na serbisyo, dinadagdagan ang pag-access sa mga bilinggwal na serbisyo, at nagbibigay ng epektibong opsyon para sa mga indibidwal na may I/DD na mamuhay nang mas malaya.


# PAGBIBIGAY-DANGAL SA NAPAKAHUHUSAY NA MGA MANGGAGAWANG PROPESYONAL NA NAGBIBIGAY NG DIREKTANG SUPORTA SA ATING KOMUNIDAD

Habang ipinagdiriwang natin ang Linggo ng Pagkilala sa Propesyonal na Nagbibigay ng Direktang Suporta, nagpaskil kami ng maraming larawan sa aming mga social media account ng mga DSP na pinili ng aming mga tagapagkaloob ng serbisyo. Tingnan ang ilan sa mga mapagmalasakit at masisipag na sumusuportang propesyonal na ito na nakakuha ng pagkilala mula sa kanilang mga kumpanya.



Shanina Johnson

On My Own Independent Living Services



Rayna Dougherty

Dream Theatre Center for the Performing Arts



Roshanna Pellini

PRIDE INDUSTRIES



Michael Smoot

A.I.M. & ASSOCIATES, INC.




Michelle Pratt

PRIDE INDUSTRIES



Brianna Walker

tk Momentum




Cassandra Gauna

Futures Explored




Michael Thygesen

Futures Explored



Dawn Witt

tk Momentum




Dakota Medina

SOUTHSIDE UNLIMITED




Maple Avery

CREATIVE LIVING OPTIONS



Virginia Daley

Charles Sherman's Home I & II



Susan Bailey

ELEVATION "Elevating Human Ability"

# PROFILE NG TAUHAN - NAMUMUNONG SPECIALIST PARA SA MGA SERBISYONG PANGKOMUNIDAD NA SI JASON SCANTLEBURY



Ipinanganak ako sa San Jose, CA ngunit lumaki sa Foothills of Rocklin at Newcastle, CA. Dating manlalaro ng basketball sa NBA ang aking ama na nagtrabaho bilang salesman at ang aking ina ay isang dating modelong nagtrabaho bilang guro sa Kindergarten. May isa akong kapatid na babae na matanda sa akin ng 8 taon.

Nagtapos ako sa kolehiyo noong 2001 na may degree sa Mass Communications. Sinimulan ko ang aking karera na nagtatrabaho bilang Residensyal na Shift Leader sa Level 14 na group home para sa mga nagdadalagang may malubang problemang emosyonal. Pagkatapos ng dalawang taon, ako ay naging house manager sa Level 12 na group home para sa mga nagbibinata ng dalawang taon.

Noong 2005, sinimulan ko ang aking karera na nakikipagtulungan sa mga nasa hustong gulang na may kapansanan bilang Administradoe para sa mga ICF/DDN home. Pagkatapos ng 6 na taon, ano ay naging Community Support Facilitator para sa ahensyang Supported Living Services ng 5 taon. Ang aking karera sa Alta Regional Center ay nagsimula noong 2016. Nagsimula ako bilang Service Coordinator ng apat na taon at lumipat sa Community Services Department (Departamento ng mga Serbisyong Pangkomunidad) sa huling bahagi ng 2020 bilang isang Specialist. Ang aking LEAD na posisyon ay nagsimula noong Pebrero ng 2023.

Isa akong aktibong mananakbo sa mga oras na hindi ako nagtatrabaho at nakumpleto ang 12 marathon sa nakaraan. Gustung-gusto ko lagi ang mga pelikula at musika pati na ang kulturang pop. Mayroon akong dalawang pusa na sina Lala at Lola.

# MALIGAYANG IKA-90 KAARAWAN, EARLINE GORDON




Ipinagdiwang ni Earline ang kanyang ika-90 kaarawan noong Hulyo 17 at sa tulong ng kanyang pamilya, mga kaibigan at ng Vivsiks Care Home, nagdaos sila ng party para sa kaarawan sa linggong iyon. Gusto ni Earline na ang kanyang tema ay maging paru-paro at kulay pastel dahil gusto niya ang mga bagay na magiliw at mapagmahal. Sa kanyang party, nasiyahan siya sa kanyang ice cream na care at masarap na pagkain. Pagkatapos, nagtipun-tipon ang lahat para kumuha ng litrato at kumanta ng karaoke.

Ang susi sa kalusugan ni Earline sa kanyang edad ay ang pagkakaroon ng positibong pag-uugali, pagiging bata ang damdamin, at de-kalidad na pangangalaga na natanggap niya sa Vivsiks Care Home sa nakaraang 15 taon. Siya ang liwanag sa care home at nagpapangiti sa lahat ng nakapaligid sa kanya.

Sa kanyang susunod na kaarawan, gusto ni Earline ng bagong bestida at party na may temang Disney na tampok ang mga prinsesa ng Disney at si Mickey Mouse. Umaasa siya sa marami pang magaganda at masasayang taon!



## UPDATE SA SUPORTADONG PAGGAWA NG DESISYON ROBIN BLACK TAGAPAMAHALA SA MGA SERBISYONG PAMBATAS NG ACRC

Noong nakaraang taglagas, nagpasa ang lehislatura ng California ng mga bagong batas (Welfare and Institutions Code mga seksyon 21000-21008) upang ilawaran ang suportadong paggawa ng desisyon (SDM) bilang isang isina-indibidwal na proseso ng pagsuporta at pagbibigay ng akomodasyon sa mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan upang mabigay sa kanila ng kakayahang gumawa ng mga desisyon sa buhay nang hindi hinahadlangalan ang pagpapasya sa sarili ng nasa hustong gulang. Sa mga bagong batas, kinilala ng lehislatura ng Estado na "tulad ng mga nasa hustong gulang na walang kapansanan, ang mga nasa hustong gulang na may mga kapansanan ay maaaring gamitin ang iba't ibang boluntaryong suporta upang matulungan silang maunawaan, gumawa, at ipaalam ang sarili nilang mga desisyon." Iniaatas ng batas na ang mga kasunduan ng SDM ay nakasulat, maa-access ng indibidwal na may kapansanan, naglalaman ng partikular na impormasyon, at tumutugon sa mga partikular na legal na iniaatas.

Nasisiyahan ang ACRC sa bagong oportunidad na ito para sa ating mga kliyente na madagdagan ang kanilang pagpipilian at sariling pagpapasya sa paggawa ng desisyon. Ang pagtanto na walang mapagkukunan o kagamitan sa pagsasanay ang umiiral na partikular sa mga iniaatas ng California, at ang kagustuhang magkaroon ng oportunidad na maa-access ng mga kliyente nito, ipinulong ng ACRC noong nakaraang Tagsibol ang isang SDM Training Workgroup upang tumulong sa pagbuo at pagbibigay ng pagsasanay sa SDM. Kasama sa Workgroup ang mga kliyente ng ACRD mula sa Komite ng Pagpapayo sa Kliyente, mga kinatawan mula sa State Council of Developmental Disabilities, mga Tagapagtaguyod ng Kliyente mh ACRC, pati na rin ang mga miyembro ng mga Departamento ng Pagsasanay at Pambatas at Ehekutibong Pamamahala ng ACRC.

Nagpupulong ang Workgroup kada buwan mula pa noong Mayo 2023 upang tukuyin ang umiiral na mapagkukunan ng SDM at mga kagamitan sa pagsasanay at upang iakma ang mga ito para magamit upang matugunan ang mga partikular na iniaatas ng SDM ng California. Sa oras na maiakma ang mga kagamitan sa pagsasanay, gagawa ang Workgroup para mag-iskedyul at maghatid ng mga regular na pagsasanay sa SDM sa mga kliyente at kanilang mga pamilya, pati na rin sa mga kawani ng ACRC, at mga miyembro ng komunidad, sa iba't ibang format upang pinakamahusay na matugunan ang mga pangangailangan ng bawat isa.

## IDARAOS NG SIERRA COLLEGE ANG JOB FAIR PARA SA PROVIDER

Sa unang bahagi ng 2023, nakipagtulungan ang ACRC sa VMRC upang buuin ang DSP Collaborative para sa mga layunin ng pagsuporta sa mga pangangailangan sa pagkuha ng mga tauhan ng mga tagapagkaloob ng serbisyo sa regional center. Lumikha kami ng website na dspcollaborative.org at sinimulan ang pagdaraos ng mga job fair na partikular sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng regional center. Habang ipinagpapatuloy namin ang mga pagsusumikap na ito, ikinalulugod naming ianunsyo na **magdaraos ang Sierra College ng isang job fair para sa mga tagapagkaloob ng serbisyo ng regional center sa Nobyembre 7, 2023, mula 10am-2pm.** Gaganapin ang event sa cafeteria sa pangunahing campus sa 5100 Sierra College Blvd Rocklin, CA 95677. Maaari kang manatiling naka-update sa mga event ng ACRC sa pamamagitan ng pagtingin sa aming kaledaryo ng mga event sa https://www.altaregional.org/events-calendar. Maaari mo ring bisitahin ang dspcollaborative.org.

SIERRA COLLEGE

DSP COLLABORATIVE



# TAMPOK NA KLIYENTE - SI LESLEE



Nahihirapan si Leslee sa kawalan ng trabaho ngunit inisip na nandiyan lang ang perpektong trabaho para sa kanya at nagsimula ito sa Rover, isang platform para sa mga may-ari ng alagang hayop para kumuha ng mga magbabantay rito. Gustung-gusto niyang mag-alaga ng mga hayop at alam na magiging magaling siya sa pagbabantay sa mga ito. Dala ng motibasyon, gumawa si Leslee ng profile at nakakuha ng una niyang customer noong 2018. Nakatanggap siya ng positibong komento at pagkatapos ay patuloy na nagdatingan ang mga customer.

Ang pagpapatayo ng negosyo ay inaabot ng maraming oras at pamamahala ng pera kaya humingi si Leslee ng tulong sa In Alliance, isang programang pinopondohan sa pamamagitan ng regional center at tumutulong sa mga kliyente na bumuo ng mga kasanayan sa trabaho at buhay. Sa tulong ng kanyang programa, sinimulan ni Leslee ang kanyang negosyo at ngayon ay full time nang nagtatrabaho bilang tagabantay ng alagang hayop. Lumipat siya sa patungo sa pagtanggap ng suporta mula sa tagapangasiwang mula sa mga Programa ng Blue Heron na tumutulong sa kanyang mapamahalaan ang pananalapi batay sa mga pangangailangan at napagpasyahang layunin ni Leslee. Kitang-kita ang kanyang tagumpay sa mga programang ito dahil noong Hulyo, nakatanggap siya ng Employee of the Month mula sa Blue Heron!

Iniuugnay niya ang kanyang passion sa pag-aalaga sa mga hayop sa kanyang mga asong si Gorgeous na nakasama niya ng 13 taon, at si Handsome na namatay noong panahon ng pandemya.  Ang kuwento kung paano nakilala ni Leslee si Gorgeous ay mahalaga para sa kanilang dalawa. Nakita siya ni Leslee sa isang anunsyo sa Craigslist na nagsasabing ampunin ang aso bago ito maipadala sa shelter. Agad na nagustuhan ang aso batay lamang sa mga litrato nito, tinawagan ni Leslee ang numerong nakalista sa anunsyo at sa kasamaang-palad at agad na tinanggihan dahil pinaniwalaan nilang tinutuya sila si Leslee dahil may tatlong paa ang aso.

Gayunpaman, mapagpursigi si Lelee at ginamit ang kaalamang natutunan niya mula sa mga programa hinggil sa mga limitasyon at komunikasyon at sinubukang tawagan muli ang numero. Nagbunga ang kanyang pagpupursigi at si Gorgeous ay naging bahagi ng pamilya.

Nagpapasaya kay Leslee ang pagbabantay sa alagang hayop, at nasisiyahan siya sa pagiging sarili niyang boss at pagpapasya sa kanyang mga kliyente. Malinaw ang kanyang passion batay sa lebel na isang beses pa. Sinabi siyang seryoso siya sa pag-ampon sa aso, at na hindi niya sila tinutuya at talagang mahal ang lahat ng bagay na ginagawang natatangi si Gorgeous. Tunay na nagmamalasakit si Leslee sa bawat isa sa mga hayop na binabantayan siya. Ito ay napatunayan ng napakaraming positibong komentong natanggap niya. Kung interesado kang kunin siya para sa mga serbisyo ng pagbabantay sa alagang hayop, maaari kang makipag-ugnayan mismo sa kanya sa (916) 755-2724.




# KALENDARYO NG MGA NALALAPIT NA EVENT SA PAKIKIPAG-UGNAYAN SA KOMUNIDAD NG ACRC

Alam mo ba na ang ACRC ay may sariling kalendaryo ng mga event online? https://www.altaregional.org/calendar

Ito ay isang malaking oportunidad para malaman kung kailan nagsasagawa ang mga kawani ng ACRC ng mga aktibidad ng pakikipag-ugnayan sa iyong komunidad.

Mahahanap mo ang mga larawan ng mga event na dinadaluhan namin sa aming mga social media page.
https://www.facebook.com/altacaliforniaRC/
https://www.instagram.com/altacal_rc/
https://twitter.com/AltaCal_RC























# ANG SUPPORTED LIFE CONFERENCE 2023




Itatampok sa Supported Life Conference ngayong taon ang DSP Collaborative, pakikipagtulungan ng ACRC sa VMRC at sa aming mga tagapagkaloob ng serbisyo upang tugunan ang mga hamon sa pagkuha ng mga manggagawa. Bukod dito, ang Direktor ng mga Serbisyo sa Komunidad ng ACRC na si John Decker ay magpiprisinta kasama ang mga miyembro ng Disability Housing Alliance sa Pagpapalakas ng Adbokasiya sa Pabahay sa Komunidad sa Pamamagitan ng mga Samahang Pampamilya.

Mula kina Dana at Andy Faletti ng Supported Life Institute:

Paano kami makakapagbigay ng mga de-kalidad na serbisyo at gawin ang aming pinakamakakaya para tulungan ang mga nagtataguyod sa sarili na magtagumpay at umunlad sa komunidad sa kasalukuyan?
Iyon ang inaasahan namin na matututunan ng mga tao sa "Propesyonal na Kumperensya sa isang Ingklusibong kapaligiran" - ang Supported Life Conference.

Ang Ika-37 Taunang Kumperensya sa Panahon ng Taglagas ng Supported Life Institute ay isang 2-araw na sa-personal na event, na gaganapin mula Oktubre 26 – 27, 2023 sa Wyndham Sacramento Hotel.

Hindi tulad ng Kumperensya sa Mayo, na isang kumperensya ng pagsasanay ng peer sa Pagtataguyod sa Sarili na karamihan para sa mga tagapagtaguyod ng sarili. Ang Kumperensya ngayong Oktubre ay iniaakma sa mga Propesyonal sa mga Ahensya ng Serbisyo na sumusuporta sa mga indibidwal, kawani ng Regional Center, mga Miyembro ng Pamilya, at kawani mula sa mga Ahensya ng Estado tulad ng DDS at Department of Rehab.

Natututunan mismo ng mga Kawani ng Ahensya ang kung "paano" likhain at suportahan ang ingklusyon para sa mga indibidwal na sinusuportahan nila.

Kasama sa mga pangunahing paksa sa aspetong ito sa kasalukuyan ang accessible na Pabahay; magagandang Trabaho sa Komunidad; pagtulong sa mga ahensya na Magtransisyon ayon sa mga patakaran ng "HCBS"; mga bagong malikhaing paraan para makahanap ng mga bagong indibidwal na tatanggapin sa trabaho; at marami pang iba na may 4 na Keynote, 31 Sesyon na pagpipilian, at mahigit 8 Paksa. Napakarami ang matututunan para sa lahat.

Mga detalye: www.supportedlife.org

## DISABILITY HOUSING ALLIANCE

Disabilty Housing Alliance

Upang matutunan pa ang tungkol sa Disability Housing Alliance mangyaring bumisita sa disabilityhousingalliance.org.

# MGA UPDATE SA PAGBUO NG MAPAGKUKUNAN/KAILANGAN PANG I-UPDATE

Mga pagbabago sa mapagkukunan sa huling quarter

## Mga Bagong Tagapagkaloob ng Serbisyo

**Programa ng Integrasyon sa Komunidad**
California Resource Services for Independent Living

**Paggamot sa Maagang Autismo**
Learning Solutions Kids, Inc.

**Speech Pathology**
Victoria Faszer, SLP

**Sikologo**
Deep Insight Psychology, Inc.

**Mga Serbisyo sa Sumusuporta sa Pamumuhay**
Connections People Services, LLC
Vinyard Supported Living Services
Good Life SLS, LLC

**Pasilidad para sa Residensyal na Pangangalaga**
Celestial Care Adult Facility, LLC
Padua Care Home
Abounding Peace III Elderly Care
Villas One Inc.

**Broker sa Transportasyon**
R&D Transportation

## Tagapagkaloob ng mga Saradong Serbisyo

**Occupational Therapy**
Family Pediatric Therapy Services
Perfect Harmony Occupational Therapy
Sky Break Therapy LLC

**Pasilidad para sa Residensyal na Pangangalaga**
Tate Family Care

**Mga Serbisyong Counseling**
Deni Deutsch Marshall

# PROFILE NG TAMPOK NA ALAGAD NG SINING - STEPHANIE DARDON



Si Stephanie ay puno ng magandang vibe, pagkamalikhain at positibong pananaw. Sumasalamin ang kanyang likhang-sining sa pinagsamang larangan ng zoolohiya at glamorosong pantasya. Si Stephanie ay may katangi-tanging koleksyon ng mga gawain at nagpapakita ng magandang halimbawa ng kabaitan sa kanyang mga kasama rito sa NCA mula pa noong 2015. Bilinggwal si Stephanie at may 7 kapatid. Gusto niya ang mga Super Hero, hayop at comic book. Nasisiyahan si Stephanie sa pagiging malikhain, pag-aalaga sa kanyang mga manok (sina Coconut at Pepper) at umaasa na balang araw ay lumangoy kasama ang mga dolphin.

Mabibili mo ang gawa si Stephanie sa Neighborhood Center of the Arts sa 200 Litton Drive. #212 na matatagpuan sa Grass Valley. Maaari mo ring bisitahin ang kanilang website sa http://www.ncagrassvalley.org.



